



PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI SA MGA SCAM SA IMMIGRATION

Kung kailangan mo ng tulong para sa pag-a-apply ng tulong sa immigration, mag-ingat sa iyong iha-hire. Mag-ingat sa mga scam sa immigration na puwedeng makahuthot sa iyo ng libu-libong dolyar at/o makapinsala sa iyong katayuan sa immigration! Narito ang ilang tip at sanggunian para sa tulong:

GAWIN

Pumunta sa isang lehitimong organisasyon para sa legal na tulong upang makakuha ng libreng tulong legal.

Maraming nonprofit na organisasyon ang nagbibigay ng libreng tulong sa immigration para sa mga indibidwal na may mababang kita, tulad ng mga matatagpuan sa mga mapagkukunan sa ibaba. Para humanap ng malapit sa iyong organisasyon sa legal na ayuda, bumisita sa lawhelpca.org.

Kumuha ng impormasyon mula sa mga “.gov” na website. Ang mga ito ay kaakibat ng gobyerno. Posibleng hindi mapagkakatiwalaan ang impormasyon sa mga website na nagtatapos sa “.com,” “.net,” o iba pang domain.

Itago ang iyong mga orihinal na dokumento sa isang ligtas na lugar. Huwag mong ibibigay sa sinuman ang iyong mga orihinal na dokumento maliban kung makakakita ka ng pruweba na kinakailangan ng pamahalaan ang orihinal na dokumento. Kung magbibigay ka sa isang tao ng orihinal na dokumento, posibleng mawala niya ito o tumanging ibalik sa iyo maliban kung babayaran mo siya.

Panatilihin ang mga kopya ng lahat ng dokumento na may kinalaman sa iyong usapin sa immigration, kabilang ang mga kopya ng mga dokumentong inihain sa immigration at mga sulat mula sa gobyerno tungkol sa iyong katayuan sa immigration.

Kumpirmahin na ang sinumang tumutulong sa iyo sa iyong kaso ay may lisensya o akreditasyon. Ang mga abogado, akreditadong kinatawan, at mga kinikilalang organisasyon lamang ang maaaring magbigay ng legal na payo o kumatawan sa iyo sa hukuman ng immigration. May ilang consultant ng immigration ang posibleng mapanlokong tawagin ang kanilang sarili bilang mga abogado sa imigrasyon. Kung may nagsasabing sila ay lisensyado sa California o sa ibang estado at maaaring abogado sa immigration, tiyaking sila ay lisensyado at may magandang katayuan sa partikular na estadong iyon, bisitahin ang www.americanbar.org/groups/legal_services/flh-home/flh-lawyer-licensing/. Kung may nagsasabing sila ay akreditadong kinatawan o kinikilalang organisasyon, bisitahin ang justice.gov/eoir/recognition-accreditation-roster-reports upang tiyakin ang impormasyong iyon.

HUWAG

Huwag mag-hire ng consultant sa immigration o notaryo. Ang mga abogado, akreditadong kinatawan, at mga kinikilalang organisasyon lamang ang maaaring magbigay ng legal na payo o kumatawan sa iyo sa hukuman ng immigration. Ang mga consultant ng immigration – na maaaring tumawag sa kanilang sarili bilang mga eksperto sa imigrasyon, notaryo, notaryo publiko, o paralegal – ay hindi maaaring gawin ito. Hindi sila puwedeng magbigay ng legal na payo o tagubilin sa mga form ng immigration, tulungan kang sagutan ang mga form, o suriin kung kwalipikado ka para sa iba’t ibang uri ng tulong sa immigration. Hindi rin sila maaaring makipag-usap sa gobyerno sa iyong ngalan. Ang maaari lamang nilang gawin ay mga hindi legal na gawain, tulad ng pagsasalina ng impormasyon sa mga form.

Huwag magpalinlang sa mga maling pangako o pilitin na magbayad para sa mga serbisyo ng immigration. Huwag magtiwala sa sinumang nag-aangkin na makakakuha ng espesyal na pabor mula sa gobyerno o maggagarantiya ng work permit o anumang ibang benepisyo sa immigration. Huwag magtiwala sa sinumang gustong magmadali kang kumilos.

Huwag pumirma sa anumang dokumento hangga't hindi mo nauunawaan kung ano ang pipirmahan mo. Huwag sumang-ayon sa anumang bagay na hindi nakasulat at nasa isang wika na iyong nauunawaan. Kung hindi ka mahusay



sa pagsasalita ng wikang ginamit sa kontrata, hilinging isalin ito. May karapatan ka sa kontratang naglilista ng lahat ng serbisyo na ibibigay at kung magkano ang bawat serbisyo. Panatilihin ang kopya ng kontrata at lahat ng resibo ng iyong mga bayad.

Huwag magbabayad para sa mga form ng immigration. Maaaring ma-access ang mga form na ito nang libre sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng U.S. Citizenship and Immigration Services sa uscis.gov/forms o (800) 870-3676.

Huwag pumirma sa anumang form ng immigration na naglalaman ng maling impormasyon o may blangkong bahagi. Bago pumirma sa anumang form ng immigration, tiyakin na ang mga form ay kumpleto at tama ang pagkakakumpleto. Huwag hayaang kumbinsihin ka ng sinuman na magsinungaling sa form o pumirma ng blangkong form. Huwag pumirma sa anumang dokumento hangga't hindi mo nauunawaan kung ano ang nilalaman nito.

Huwag magbibigay ng pera o personal na impormasyon sa sinumang tatawag, magte-text, o mag-e-email sa iyo na nagpapahayag na may problema sa iyong usapin sa immigration. Walang ahensya ng pederal o estado, kabilang ang USCIS, na hihingi ng iyong personal na impormasyon o bayad sa pamamagitan ng telepono, email, o text.

MGA YAMANG-IMPORMASYON

Kung biktima ka ng scam sa immigration:

- Makipag-ugnayan sa iyong lokal na District Attorney o kagawaran ng mga karapatan ng consumer sa iyong county.
- Iulat ang scam sa Federal Trade Commission sa <https://reportfraud.ftc.gov/>.
- Makipag-ugnayan sa U.S. Department of Justice's FraudAbuse Prevention Program sa kanilang email na EOIR.Fraud.Program@usdoj.gov o telepono sa (703) 305-0470.
- Iulat ito sa California Department of Justice sa oag.ca.gov/report.
- Kumuha ng tulong mula sa isang lehitimong organisasyon ng legal na tulong sa <https://www.lawhelpca.org/>.

Matutunan ang higit pa tungkol sa mga scam sa immigration:

- Alamin ang mga tool upang matulungan kang iwasan ang mga scam sa immigration sa uscis.gov/avoid-scams.

Kumuha ng libreng tulong para sa immigration:

- U.S. Department of Justice: justice.gov/eoir/list-pro-bono-legal-service-providers (mga tagapagkaloob ng serbisyo sa legal na tulong) o justice.gov/eoir/recognized-organizations-and-accredited-representatives-roster-state-and-city (mga akreditadong kinatawan).
- Law Help CA: lawhelpca.org
- Immigration Law Help: immigrationlawhelp.org
- California Department of Social Services: cdss.ca.gov/inforesources/immigration/contractor-contact-information